Discover • Understand • Apply

# BIBLE STUDY

## Daniel 1:1-21

SMALL GROUP SESSIONS

Mayo 22-28, 2022



Kamuning Bible Christian Fellowship


# Daniel 1:1-21

## Mahalagang Prinsipyo sa Buhay

PAGTUKLAS

PAG-UNAWA

PAGTUGON




# Daniel 1:1-21

Magandang Balita Biblia (MBBTAG)

**Si Daniel at ang Kanyang mga Kaibigan**


1 Nang ikatlong taon ng paghahari ni Haring
Jehoiakim sa Juda, ang Jerusalem ay
kinubkob ni Nebucadnezar na hari ng
Babilonia. 2 Pinahintulutan ng Panginoon na
bihagin niya si Haring Jehoiakim at samsamin
ang ilang kasangkapan sa Templo. Lahat ng
ito ay dinala ni Nebucadnezar sa lupain ng
Babilonia at inilagay sa kabang-yaman ng
templo ng kanyang mga diyos.



# Daniel 1:1-21

Magandang Balita Biblia (MBBTAG)


3 Iniutos ng hari kay Aspenaz, ang
pinakamataas na opisyal ng palasyo, na
pumili ng ilang Israelitang kabilang sa angkan
ng mga hari at ilan sa angkan ng mga
maharlika. 4 Ang pipiliin nila ay mga
kabataan na walang kapansanan, makikisig,
matatalino, madaling turuan, may malawak
na pang-unawa at karapat-dapat
maglingkod sa palasyo. Tuturuan din sila ng
wika at panitikan ng mga taga-Babilonia.



# Daniel 1:1-21

Magandang Balita Biblia (MBBTAG)


5 Iniutos ng hari na sila'y paglaanan ng
pagkain at alak araw-araw mula sa kanyang
sariling pagkain at alak. Tatlong taon silang
sasanayin bago maglingkod sa hari. 6
Kabilang sa mga napili ay sina Daniel,
Hananias, Misael, at Azarias na pawang
nagmula sa lipi ni Juda. 7 Binigyan sila ni
Aspenaz ng mga bagong pangalan. Si Daniel
ay Beltesazar, Shadrac naman si Hananias,
Meshac si Misael, at Abednego si Azarias.



# Daniel 1:1-21

Magandang Balita Biblia (MBBTAG)


8 Ngunit ipinasya ni Daniel na hindi niya
durungisan ang kanyang sarili sa
pamamagitan ng mga pagkain at alak na
galing sa hari. Kaya, ipinakiusap niya kay
Aspenaz na huwag silang pakainin at
painumin ng mga iyon. 9 Niloob naman ng
Diyos na siya'y kalugdan at pagbigyan ni
Aspenaz.



# Daniel 1:1-21

Magandang Balita Biblia (MBBTAG)


10 Ngunit sinabi niya kay Daniel, "Natatakot lamang ako sa gagawin sa akin ng mahal na hari na naglalaan ng pagkain at inumin ninyo kapag nakita niyang mas mahina kayo kaysa sa ibang mga kabataan na kasing-edad ninyo. Tiyak na papupugutan niya ako ng ulo."



# Daniel 1:1-21

Magandang Balita Biblia (MBBTAG)


11 Dahil dito, lumapit si Daniel sa bantay na
pinagkatiwalaan ni Aspenaz na mangalaga
sa kanya at sa tatlo niyang kaibigan. 12
Pakiusap niya, "Subukin ninyo kami sa loob ng
sampung araw. Gulay lang at tubig ang
ibigay ninyo sa amin. 13 Pagkatapos,
ihambing ninyo kami sa mga kasing-edad
namin na pinapakain ninyo ng pagkaing
bigay ng hari at gawin ninyo sa amin ang
nararapat."



# Daniel 1:1-21

Magandang Balita Biblia (MBBTAG)


14 Sinubok nga sila sa loob ng sampung araw. 15 At pagkalipas ng sampung araw, nakitang mas malulusog at malalakas sila kaysa mga kasing-edad nilang pinakain ng pagkaing galing sa hari. 16 Kaya, gulay at tubig na lang ang ibinigay sa kanila sa halip na pagkain at inuming galing sa hari.



# Daniel 1:1-21

Magandang Balita Biblia (MBBTAG)


17 Binigyan ng Diyos ang apat na kabataan
ng kaalaman at kakayahan sa panitikan at
agham. Bukod dito, binigyan pa si Daniel ng
kakayahang umunawa at magpaliwanag ng
lahat ng uri ng pangitain at panaginip.



# Daniel 1:1-21

Magandang Balita Biblia (MBBTAG)

18 Pagkaraan ng tatlong taon na itinakda ng hari sa pagsasanay sa kanila, ang lahat ng kabataang pinili ni Aspenaz ay iniharap niya kay Haring Nebucadnezar. 19 Kinausap sila ng hari at nakita niyang walang kapantay sina Daniel, Hananias, Misael at Azarias. Kaya't naging lingkod sila ng hari.



# Daniel 1:1-21

Magandang Balita Biblia (MBBTAG)

20 Nakita ng hari na sa lahat ng bagay na
itanong sa kanila, sampung ulit na mas
mahusay at magaling sila kaysa mga
salamangkero at mga enkantador ng
kaharian. 21 Naglingkod si Daniel doon
hanggang sa unang taon ng paghahari ni
Ciro.

# Mahalagang Prinsipyo sa Buhay

Mananatili akong tapat sa Diyos na may integridad at kabanalan sa gitna ng anumang pamahalaan ang nasa lugar.

# QUESTION 1

## Ano ang layunin ni Haring Nebucadnezar nang bihagin at dalhin sa kanyang palasyo ang ilang mga kabataan Israelita? (v. 3-5)

**Daniel 1:1-21**

PAGTUKLAS

# QUESTION 2

2. Paano sinanay ng Hari ayon sa kanyang pamantayan ang mga kabataang ito bilang paghahanda sa kanilang paglilingkod sa palasyo?

**Daniel 1:1-21**

## PAGTUKLAS

## QUESTION 3

Sinu-sino ang apat na mga kabataang ito mula sa lipi ni Juda? Anong mga bagong pangalan ang ibinigay sa bawa't isa sa kanila? (v. 6-7)

**Daniel 1:1-21**

# PAGTUKLAS

# QUESTION 1

1. Ano ang implikasyon o pakahulugan ng pagbibigay ng bagong pangalan sa isang tao (o hayop o bagay)?

*Daniel 1:1-21*

## PAG-UNAWA

# QUESTION 2

2. Bakit isang dahilan ng karumihan o korapsyon kapag kumain si Daniel at mga kaibigan niya ng pagkain at inumin ng Hari? Paano ipinakita ni Daniel ang kanyang katapatan sa Diyos na hindi naman nagpapakita ng paglaban o paghihimagsik sa utos ng Hari tungkol sa kanilang pagkain?

*Daniel 1:1-21*

## PAG-UNAWA

# QUESTION 3


3. Ano sa palagay mo ang malayong implikasyon ng katapatan at pagsunod ni Daniel at ng mga kaibigan niya sa batas ng Diyos sa kabila ng kahirapan at hindi paborableng sitwasyon na kinalalagyan nila?

Daniel 1:1-21

PAG-UNAWA

## QUESTION 1

1. Kapag ikaw ay nahaharap sa isang sitwasyon na maglalagay sa iyong pananamplataya sa Diyos at sa Kanyang Salita sa alanganing kalagayan, paano ka magiging matapat at makaiiwas sa tukso?



**Daniel 1:1-21**

# PAGTUGON

# QUESTION 2

Bilang isang tunay na mananampalataya ni Kristo at isang mamayan ng ating bansa, ano ang kapasiyahan mo sa pagpasok ng bagong administrasyon o gobyerno?

Daniel 1:1-21

PAGTUGON

# Daniel 1:1-21

## Mahalagang Prinsipyo sa Buhay

PAGTUKLAS

PAG-UNAWA

PAGTUGON

# Mahalagang Prinsipyo sa Buhay

Mananatili akong tapat sa Diyos na may integridad at kabanalan sa gitna ng anumang pamahalaan ang nasa lugar.



Small Group Sessions

# PANGWAKAS NA PANALANGIN

Discover • Understand • Apply

# BIBLE STUDY

## Daniel 1:1-21

SMALL GROUP SESSIONS

SEE YOU NEXT WEEK!



Kamuning Bible Christian Fellowship


KBCF
kbcf.org.ph
KBCFofficial
KBCFamily
kbcf.office@gmail.com
0917-886-6650
8927-7420 | 8928-6584